pwede ba kitang tanungin

May
nakapagturo
na ba sa iyo
sa Biblia,
kung paano mo
masisigurado na
ikaw ay pupunta sa
langit?

Ang Biblia ay naglalaman ng **masamang balita** at **mabuting balita**.

Ang *masamang balita* ay mga bagay tungkol sa **IYO**.

Ang *mabuting balita* ay mga bagay tungkol sa **DIOS**.

Unahin nating tingnan ang masamang balita….

Masamang Balita 1

Tayong lahat ay makasalanan.

Sinabi sa Roman 3:23, *"Dahil sa ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos."*

Ang ibig sabihin ng "Nagkasala" ay hindi natin naabot ang pamantayan ng Diyos. Tayo ay nagkasala kapag tayo'y nagsisinungaling, napopoot, mahalay, o naninirang-puri.

Halimbawang tayo'y maghahagis ng bato para patamaan ang buwan. Maaaring mas malayo ang sa iyo, ngunit sinuman sa atin ay hindi makakaabot dito.

Nang sabihin sa Biblia "Ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot," tayo ay hindi nakaabot sa pamantayan ng Diyos.

Sa isip, salita at sa gawa, hindi naging ganap na matuwid sa Diyos ang ating pamumuhay.

Subalit ang masamang balita'y lalo pang lumubha.

Masamang Balita 2

Ang kaparusahan ng kasalanan ay kamatayan.

Sinabi sa Roma 6: 23, *"Dahil sa ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan."*

Halimbawang ikaw ay nagtrabaho sa akin at binayaran kita ng P360. Ang P360 ay ang iyong kinita. Iyon ang iyong "inani".

Sabi sa Biblia, dahil sa ating pagkakasala tayo ay umani ng kamatayan. Ang kahulugan nito'y karapat-dapat tayong mamatay at mapahiwalay sa Diyos magpakailanman.

Subalit...

Dahil walang paraan upang tayo'y muling mapalapit sa Diyos, ang Diyos na ang nag-pasya, ayon sa Kanyang kalooban, na lumapit sa atin.

Magandang Balita 1

Si Kristo ay namatay para sa atin.

Sinabi sa Roma 5:8, , *“Ngunit ipinadama ng Diyos ang Kanyang pag-ibig sa atin ng mamatay si Kristo para sa atin noong tayo’y makasalanan pa.”*

Halimbawang ikaw ay mamamatay sa sakit na kanser. Ako’y pumunta sa iyo at nagsabing, “Tanggalin natin ang kanser cell sa iyong katawan at ilagay sa aking katawan.”

Kung iyon ay maaari,
Ano ang mangyayari sa akin?
Ano ang mangyayari sa iyo?

Ano ang mangyayari sa akin?
Ano ang mangyayari sa iyo?

Ako'y maaaring mamatay.

Ako'y mamamatay kapalit mo.

Ayon sa Biblia, Tinanggap ni Kristo ang kaparusahan na nararapat sa ating kasalanan. Siya ay namatay kapalit natin.

Makalipas ang tatlong araw, si Kristo ay nabuhay muli. Ang kamatayan at kasalanan ay napagtagumapayan ni Kristo, at ang Kanyang muling pagkabuhay ay patunay na Siya ay Diyos.

Tulad ng masamang balita na lalo pang lumubha, gayun din ang mabuting balita na lalo pang bumuti!

Mabuting Balita 2

Ikaw ay maliligtas sa pamamagitan ng pananalig kay Kristo.

Sinabi sa Efeso 2: 8, 9, *"Dahil sa biyaya ng Diyos ay naligtas kayo sa pamamagitan ng inyong pananalig kay Kristo. At ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos, hindi mula sa inyo. Hindi ito dahil sa inyong mga gawa, kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman."*

Ang pananalig ay pagtitiwala.

T. Ano ang dapat mong ipagkatiwala kay Kristo?
A. Magtiwala ka kay Kristo para sa iyong kapatawaran at buhay na walang hanggan.

Kapag ikaw ay nakaupo sa upuan, hindi mo ito kailangang tulungan upang ikaw ay buhatin. Ikaw ay nagtitiwala dito. Upang ikaw ay makarating sa langit, kailangan ring magtiwala ka kay Kristo lamang. Hindi sa iyong sariling pagsisikap.



Ngunit maaari mong sabihing,

"Ako'y relihiyoso."

"Nagsisimba ako."

"Hindi ako nagnanakaw."

"Ako'y mabait na tao."

"Ako'y tumutulong sa mahirap."

Lahat ng ito ay mabuti, ngunit ang mabuting pamumuhay, pagsisimba, pagtulong sa mahirap o anumang mabuting bagay ay hindi makapagdadala sa iyo sa langit. Kay Hesu-Kristo ka lamang manampalataya at ikaw ay pagkakalooban ng Diyos ng buhay na walang hanggan.

Sa oras na ito, may mga bagay bang pumipigil sa iyo para magtiwala kay Kristo?

1. _____

2. _____

3. _____

4. _____

Isiping mabuti. Wala nang hihigit pa sa pangangailangan mong ipagkatiwala ang iyong buhay kay Hesus.

Nais mo bang sabihin sa Diyos na ikaw ay nananampalataya kay Hesu-Kristo bilang iyong tagapagligtas? Kung ito ang iyong nais, ikaw ay manalangin sa oras na ito at sabihin sa Diyos na ikaw ay nananampalataya sa Kanyang Anak na si Hesus.

Tandaan!

Hindi ang panalangin ang makapagliligtas sa iyo kundi ang iyong pananampalataya kay Hesus. Ang panalangin ay paraan lamang ng pakikipag-usap sa Diyos.

"Panginoong Diyos, alam kong ako'y makasalanan. Alam kong ang aking kasalanan ay nararapat na parusahan. Naniniwala ako na namatay si Kristo para sa akin at Siya ay nabuhay nang muli. Nananampalataya ako kay Hesu-Kristo bilang aking tanging Tagapagligtas. Salamat sa kapatawataran at sa buhay na walang hanggan na akin nang taglay. Sa pangalan ni Hesus, Amen."

Ano ang naganap sa mga pangyayaring ito?

Ipinaliwanag sa Juan 5:24, *"Siya na nakikinig sa Aking salita at nananalig sa Kanya na nagsugo sa Akin ay may buhay na walang hanggan. At hindi na siya hahatulan pa, kundi nakatawid na mula sa kamatayan patungong buhay."*

» "**Napakinggan**" mo ba ang salita ng Diyos?
» "**Nananalig**" ka ba sa sinabi ng Diyos at nagtitiwala kay Kristo bilang iyong Tagapagligtas?
» Ang ibig sabihin ba ng "**may buhay na walang hanggan**" ay mamaya pa o ngayon na?
» Sinabi bang "**hindi na siya hahatulan**" o baka sakaling "**hindi na siya hahatulan**"?
» Sinabi bang "**nakatawid na mula sa kamatayan**" o tatawid pa lang?

Ang buhay na walang hanggan ay base sa katotohanan at hindi sa emosyon o damdamin.

Sauluhin ang Juan 5:24 ngayon.

Ano ngayon ang dapat mong gawin?

Ngayong nagtiwala ka na kay Kristo bilang tanging daan patungong langit, Ito ang mga bagay na makapagpapalago ng relasyon mo sa Diyos.

» Manalangin. Sabihin sa Diyos ang nasa iyong isip (Filipos 4:6-7).

» Basahin ang Biblia araw-araw (2 Timoteo 3:16-17). Mag-umpisa sa aklat ng Filipos.

» Dumalo sa simbahan kasama ng ibang mananampalataya (Hebreo 10:24, 25).

» Ipahayag sa ibang tao si Hesu-Kristo (Mateo 4:19).

Kung nakatulong sa iyo ang babasahing ito, ibahagi rin sa ibang kakilala.

Evantell

The Gospel. Clear and Simple.

p.o. box 741417 | dallas, tx 75374
www.evantell.org | 800.947.7359

© 2007 evantell, inc.

Tagalog
TRMTA001